
# Balitang Manmin

BILANG 190 NOBYEMBRE 5, 2017


# Ipinakita ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu at Ipinahayag ang Ebanghelyo ng Kabanalan sa Israel at Moldova Napuspos ang mga Pastor at mga Mananampalataya!



























Tinutupad ng Manmin Central Church ang pagmimisyon sa buong mundo at pinapalawak nito ang kaharian ng Diyos. Noong Setyembre 2017, idinaos ni Rev. Dr. Soojin Lee ang seminar para sa mga pastor at ang pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa Israel at sa Moldova sa Silangang Europa. Ginamit niya ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Noong Setyembre 7, nagdaos siya ng seminar para sa mga pastor sa Gilgal Hotel sa Tel Aviv, Israel. Dinaluhan ito ng may 100 pastor, ang iba sa kanila ay nagmula pa sa Russia, Ukraine, at Palestine (litrato 2 at 3). Ang mensahe niya ay may titulong, 'Interpretations of Difficult Verses' (2 Kay Timoteo 3:16; 2 Pedro 1:21). Ito ay tungkol sa pagpapaliwanag ng mga talatang mahirap ipaliwanag at maintindihian, Detalyado niyang ipinaliwanag ang kahulugan ng, "Ang walang tabak ay ipagbili ang kanyang balabal" at "Pumunta ka sa malalim at ihulog ninyo ang inyong lambat." Ibinahagi din niya ang mga paraan para marinig ang tinig ng Banal na Espiritu para sa Kanyang mga pakiusap at paggabay. Iginiit niya na pangangalagaan dapat ng mga pastor ang katotohanan sa mga puso nila para mas matulungan niya ang mga miyembro ng kanyang iglesya patungo sa katotohanan.

Dumalo sa seminar ang isang kilala at iginagalang na pastor mula sa Israel, si Pastor Alexander Seriapov, sinabi niya, "Perpekto ang mensahe ni Dr. Soojin Lee, batay ito sa sinasabi ng Biblia. Ito ay matibay at praktikal, magagamit ito ng mga pastor at mga mananampalataya sa buhay at ministeryo nila. Napakaganda."

Noong Setyembre 9, nagdaos ng pulong na may panyong nakapagpapagaling sa Shefayim Hall sa Kibutz. Dinaluhan ito ng may 800 tao at sabayang naibrodkast sa GCN, TBN Russia, CNL, TBN Baltia, In Victory, at internet (litrato 5).

Ipinangaral ni Rev. Lee (litrato 1) ang mensaheng may titulong "Ang Diyos na Nagpapagaling," hango sa Exodo 15:26. Sinabi niyang resulta ng mga kasalanan ang mga karamdaman at para gumaling, dapat nilang pagsisihan ang hindi nila pagtitiwala, pag-aalinlangan, pagsuway sa utos ng Diyos, at hindi paglago ng kanilang pananampalataya. Pagkatapos ng mensahe, idinalangin niya ang mga maysakit gamit ang panyong makapangyarihan. Maraming umakyat sa entablado para patotohanan ang paggaling nila mula sa karamdaman.

Maraming muling luminaw ang mga mata, nawala ang matinding rayuma at pananakit ng mga binti ng isang babae. Nakapaglakad at naging malakas siya pagkatapos ng panalangin. Masaya ang patotoo niya. Marami pang ibang nakalaya mula sa mga karamdaman tulad ng pagkalumpo, at iba't ibang klaseng pananakit ng katawan.

Sa pagpupulong na ito, mayroong humigit-kumulang 100 mga hindi mananampalataya. Nakapaglakad nang maayos ang isa sa kanila pagkatapos ng panalangin kahit matagal na siyang hindi nakapaglakad ng maayos dahil sa rayuma at pananakit ng sakong. May isang gumaling mula sa panghihina at pananakit ng buong katawan (litrato 7-11).

Noong Setyembre 11, nagdaos ng Revival Meeting at Holy Spirit's Fullness Prayer Meeting sa Moldova Manmin Church sa Kishinev, kabisera ng Moldova. Si Rev. Dr. Soojin Lee ang naging tagapagsalita. Dinaluhan ito ng may 180 tao. Ang iglesyang ito ay itinatag ng isang kapatid na nakarinig ng mensahe ni Dr. Jaerock Lee sa YouTube, tumanggap siya ng malaking pagpapala sa mensahe. Ngayong taong ito, 2017, 70 na ang bilang ng mga miyembro nito (litrato 6).

Bago magsimula ang pulong, pinayuhan ni Rev. Dr. Soojin Lee ang mga lider ng mga iglesya. Nanguna rin siya sa pagbabautismo. Sa pulong, inihatid niya ang mensahe na may titulong, "Ang Talinhaga ng Sampung Mina" mula sa Lucas 19:12-24, namuno sya sa pulong panalangin para sa kapuspusan ng Banal na Espiritu. Nagsisi at umiyak ang mga miyembro, nagdesisyon silang magpakabanal. Nang idalangin ni Rev. Lee ang mga maysakit, maraming gumaling mula sa rayuma, epilepsy, sakit sa balat, at iba't ibang pananakit ng katawan. Nagpatotoo ang mga ito tungkol sa kanilang paggaling (litrato 12 at 13).

Nagpakita ng nakamamanghang pagtatanghal sina Diakonesa Seongkyul Ju at ang Power Worship Dance Team ng Komite ng Sining ng iglesya. Sumayaw at umawit sila sa wikang Hebrew, Russian, at English. Pinag-isa nila ang mga tao sa kapuspusan ng Banal na Espiritu (litrato 4).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Kasaganahan ng Diyos

"At sinabi niya, 'Kung paanong ang PANGINOON mong Diyos ay buhay, ako'y walang nalutong anuman, tanging isang dakot na harina sa tapayan, at kaunting langis sa banga. At ngayon, ako'y namumulot ng ilang patpat upang ako'y makauwi at ihanda iyon para sa akin at sa aking anak, upang aming makain iyon, bago kami mamatay.' Sinabi ni Elias sa kanya, 'Huwag kang matakot. Humayo ka, at gawin mo ang iyong sinabi, ngunit igawa mo muna ako ng munting tinapay. Pagkatapos dalhin mo rito sa akin, at saka ka gumawa para sa iyo at sa iyong anak. Sapagkat ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Diyos ng Israel, ang tapayan ng harina ay hindi magkukulang, o ang banga ng langis man ay mauubusan hanggang sa araw na magpaulan ang PANGINOON sa ibabaw ng lupa.' Siya'y humayo, at ginawa ang ayon sa sinabi ni Elias. At ang babae, siya at ang sambahayan niya ay kumain nang maraming araw. Ang tapayan ng harina ay hindi nagkulang, o ang banga ng langis ay hindi naubusan, ayon sa salita ng PANGINOON na Kanyang sinabi sa pamamagitan ni Elias."
(1 Mga Hari 17:12-16)

Puno ng pag-ibig at pagpapala ang Diyos. Nalulugod Siya sa pagbibigay ng mabubuting bagay sa mga anak Niya. Kung maghahasik tayo nang may pananampalataya, bibigyan Niya tayo ng 'siksik, liglig, at umaapaw.' Pagkakalooban Niya tayo ng mas higit pa sa 30, 60, 100 beses.

## 1. Ang babae sa Zarefta ay tumanggap ng masaganang biyaya sa matinding tagtuyot

Ayon sa nakasulat sa 1 Mga Hari 17, may isang babaing Hentil na naninirahan sa Zarefta, Sidon. Isang araw, namulot siya ng kahoy malapit sa hangganan ng lunsod. Nang oras na iyon, nakarating doon ang propeta ng Diyos na si Elias, humingi ito ng tubig sa kanya.

Nang kukuha na ng tubig na maiinom ang babae para dito, humingi din si Elias ng tinapay. Kaya sa 1 Mga Hari 17:12, ipinaliwanag ng babae ang situwasyong kinalalagyan niya, "Kung paanong ang PANGINOON mong Diyos ay buhay, ako'y walang nalutong anuman, tanging isang dakot na harina sa tapayan, at kaunting langis sa banga. At ngayon, ako'y namumulot ng ilang patpat upang ako'y makauwi at ihanda iyon para sa akin at sa aking anak, upang aming makain iyon, bago kami mamatay."

Pero parang walang pakialam si Elias sa situwasyon niya. Hiniling nito na igawa siya ng maliit na tinapay. Itinuro nito sa babae na kung susunod siya, pagpapalain siya ng Diyos, hindi siya mauubusan ng harina at langis hanggang sa muling umulan sa lugar.

Kung nagdahilan at tumanggi ang babae at hindi sumunod, hindi magkakaroon ng himala. Mabuti na lang, sumunod siya at nanampalataya nang walang takot. Sinilbihan niya sa Elias ng natitirang piraso ng kanilang pagkain. At nangyari nga ang himala. Hindi naubos ang sisidlan ng harna at langis sa bahay niya hanggang dumating ang ulan.

## 2. Ang mga dahilan kung bakit tumanggap ang babae ng masaganang biyaya

### Una, sumunod siya sa sinabi ni Elias, ang propeta ng Diyos.

Ang kahulugan ng pagsunod ng babae kay Elias sa pagbigay ng natitirang pagkain niya at ng anak niya dito ay mas maaga silang mamamatay. Sumagot ang babae ng 'Amen' sa malubhang pangyayaring ito. Sumunod siya dahil totoong gusto niyang sumunod at manampalataya at hindi dahil naniniwala siyang mamamatay din naman sila kahit ano pang mangyari. Ito ang dahilan kung bakit binigyan siya ng masaganang biyaya ng Diyos.

Basahin ninyong muli ang ika-28 na kabanata ng Deuteronomio. Ang mga paraan para tumanggap ng mga biyaya ay maliwanag na nakasulat. Sinabi sa Malakias 3:10 na kapag ibinigay ninyo ang buong ikapu sa Diyos, ibubuhos Niya sa inyo ang mga biyaya hanggang sa umapaw ito. Kung hindi ninyo susundin ang malinaw na Salita ng Diyos, maaantala ang pagdating ng mga biyaya hanggang sa sumunod kayo.

Madaling paraan ang pagsunod para tumanggap ng mga kasagutan sa mga dalangin ninyo at proteksyon mula sa Diyos. Maraming gumaling mula sa mga karamdamang hindi gumagaling nang sundin nila ang Salita ng Diyos at ang mga utos Niya, iwinaksi ang mga kasamaan, at naging tapat sa Kanya. Kung nagpatuloy sila sa paggawa ng mga dahilan, hindi nila tatanggapin ang mga kasagutan!

### Pangalawa, iginalang ng balo ng Zarefta ang lingkod ng Diyos.

Ang babaing ito ay Hentil. Hindi siya Israelitang naglilingkod sa Diyos. Unang beses pa lang niyang nakita si Elias, pero batid niya na ito ay lingkod ng Diyos. Ito ay sapagkat mabuti ang puso niya.

Sabihin nating may nakilala kayong isang tao sa unang pagkakataon. Hinihingi niya ang natitira ninyong pagkain. Mahirap maunawaan at maintidihan ang bagay na ito. Pero hindi hinusgahan o hinatulan ng babae si Elias, at inisip na, 'Hindi nahihiya ang taong ito. Paano niya nagagawang humingi ng pagkain sa mahirap na balong katulad ko?' may pagpapakumbaba ang babaing ito dahil hindi siya mapanghusga at nakita niya ang katapatan ng ibang tao. Nagmumula sa mabuting puso ang katangiang ito.

May kinalaman din ito sa pagpapabanal. Maraming nagsasabing lumalaki ang pagtitiwala at pagmamahal ninyo sa akin dahil nakikita ninyo na kumakapit ako sa Diyos para sa kaligtasan at pagpapabanal ng mga mananampalataya. Ang mga sumusunod sa akin na may pagtitiwala at pagmamahal ay tumatanggap ng malaking kalakasan para makasabay sa daloy ng espiritu para maging espirituwal at banal.

Ang daan para tumanggap ng mga kasagutan at mga biyaya ay malapit na sa inyo. Ibibigay ito sa inyo kapag iginagalang at pinagkakatiwalaan ninyo ang pastor na makapangyarihan na itinakda at ipinangako mismo ng Diyos. Kung ang isang pastor ay nagpapakita ng mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos, makikita dito na iniibig siya ng Diyos at lumalakad Siya na kasama nito.

### Pangatlo, hindi maramot ang balo ng Zarefta.

Kung sinabi ng balo ng Zarefta, "Hindi ko pwedeng ibigay ito sa iyo. Kulang pa ito sa aming dalawa ng anak ko," nang hingin ni Elias ang natitirang pagkain, at hindi ibinigay ito, hindi siya tatanggap ng kahit na anong biyaya. Ipagpalagay nating sumunod siya at tumanggap ng mga biyaya, pero nagreklamo siya, "Bakit kakaunti ang harina at langis?" o kaya nagdamot siya, "Marami pa akong ibang kailangan, hindi lang pagkain." Ano kaya ang nangyari? Baka naputol ang pagdating ng biyaya sa kanya.

May mga taong napakaramot, pero hindi nila napapansin. Halimbawa, naiinggit sila o nanlulumo kung mababalitaan nilang tumatanggap ng mas maraming biyaya ang ibang mananampalataya at nakatutulong sila sa ibang tao. Naiisip nila ito dahil maramot sila at nakakalimutan nila ang mga biyayang tinatanggap nila.

Kung maramot kayo, hindi kayo makukuntento, hindi kayo marunong magpasalamat. Kung matutuyo ang bukal ng pagpapasalamat, hindi na dadaloy ang ilog ng mga biyaya. Ang pagiging kuntento at pagiging mapagpasalamat ay pwedeng itulad sa pagbobomba ng tubig mula sa balon. Kailangan buhusan ng isang tabong tubig ang bomba sa balon para umakyat ang tubig. Parang ganito rin ang mga taong dating mahirap pero nabigyan ng pagpapalang pinansyal. Kuntento sila sa kung ano ang meron sila, palagi silang nagpapasalamat. Hindi sila maramot. May pagnanais silang gamitin ang pinansyal na pagpapalang tinatanggap nila para sa kaharian ng Diyos at para sa ibang mga kapatid sa halip na sa sarili lang nila.

Kung maramot kayo, hindi kayo bibigyan ng mga biyaya. Darating ang masaganang biyaya kapag kuntento kayo sa tinapay na kakainin at tubig na iinumin ninyo. Ito ay darating kung marunong kayong magpasalamat at magbahagi sa ibang tao. Kapag naipon ang mga kabutihang ginagawa ninyo, bibigyan kayo ng Diyos ng mga biyaya. Umaasa ako na sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pusong walang bahid ng karamutan, makakatagpo ninyo ang Diyos ng kasaganahan, at mararanasan nawa ninyo ang mga kamangha-manghang himala.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, pinag-aralan natin kung paano nakatanggap ng mga biyaya ang balo ng Zarefta kahit ito ay Hentil. Hinihikayat ko kayong isaisip lagi na nalulugod ang Diyos ng kasaganahan sa mabangong samyo ng mabuti at kagiliw-giliw na puso o kalooban. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na isabuhay ninyo ang kabutihan na may pananampalataya at pasasalamat para tumanggap kayo ng mga biyaya mula sa Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Iwaksi ang Orihinal na Ugali ng Laman

Sa proseso ng pagpapabanal, ganito ang sinabi ni Apostol Pablo na nakasulat sa Mga Taga-Roma 7:24, “Kahabag-habag na tao ako! Sino ang magliligtas sa akin mula sa katawang ito ng kamatayan?” Pero nang maging apostol siya ng Panginoon, sinabi niya sa 1 Mga Taga-Corinto 15:31, “Ako’y namamatay araw-araw! Mga kapatid, iyon ay kasing-tiyak ng aking pagmamapuri sa inyo – isang pagmamapuri na aking ginagawa kay Cristo Jesus na ating Panginoon.”

Anong dapat nating gawin para matularan ang puso ni Jesu-Cristo, tanggapin ang kapangyarihan ng Diyos, at maghatid ng maraming kaluluwa patungo sa kaligtasan? Pag-aralan natin ngayon ang ilan sa mga pangunahing orihinal na ugali ng laman. Suriin natin kung taglay ninyo ang mga ugaling ito. Kung makikita ang mga ito sa inyo, iwaksi agad ninyo at pagsikapang makamit ang sukat ng kapuspusan ni Cristo.

## Papalit-palit ng Isipan

Ang ‘espiritu’ ay tumutukoy sa mga bagay na hindi nagbabago at nananatili magpakailanman, habang ang ‘laman’ ay mga bagay na nagbabago at nagiging masama. Nagbabago ang puso o kalooban ng tao ayon sa sukat ng ‘laman’ sa pagkatao nila. Hindi makapagdesisyon ang mga taong makalaman. Iniisip nilang may gagawin silang isang bagay ngayon, pero, hindi nila tiyak kung anong gagawin nila sa susunod na araw.

Nagrereklamo sa Diyos ang mga taong papalit-palit ng isipan kapag dumadaan sila sa mga pagsubok kahit naging napakasaya nila noong araw na naligtas sila. Pakiramdam nila, sila ang nagmamay-ari ng mundo. Kapag gumaling sila mula sa mga karamdaman, naglilingkod sila, nagpapasalamat. Pero habang lumilipas ang panahon, nababawasan ang pagpapasalamat nila, bumabalik sila sa mundo. Hinahanap nila ang mga makamundong bagay, sinasabing, “Magpapahinga lang ako ng kaunti.”

Determinado sila sa simula, nag-alay ng panalangin at pag-aayuno, pero hindi sila nagpatuloy. Nangako silang maghandog ng malaking halaga pero hindi nila ginawa. Nangako silang gumawa para sa Diyos pero nagbago ang plano nila.

Suriin ninyo kung pabagu-bago ang isipan ninyo, at hindi ninyo ginawa kung ano ang plinano ninyong gawin. Kung hindi nagbabago ang isip ninyo, susundin ninyo kung ano ang sinasabi sa inyo at hindi ninyo gagawin ang mga bagay na ipinagbabawal sa inyo. Iwawaksi ninyo o itatapon ang mga bagay na dapat iwaksi o itapon, at susundin ang mga bagay na dapat sundin.

Hindi mawawala ang kagalakan at pagpapasalamat ninyo sa mga pagpapalang natatanggap, magiging masaya ang buhay ninyo. Kaya, iwaksi natin ang isipang pabagu-bago o papalit-palit sa pamamagitan ng maalab na pananalangin sa tulong ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

## Panloloko o Pandaraya

Walang pakialam sa tama o mali ang isang taong manloloko o mandaraya. Interesado lang siya sa mga bagay na makakatulong sa kanya, kung saan siya makikinabang. Madalas siyang magpalit ng salita at gawa para makinabang siya. Nagpaplano siya ng masasamang bagay at gumagawa ng mali para makuha ang gusto niya.

Nagkakalat ng maling impormasyon tungkol sa iba ang taong tulad nito, pagkatapos mag-aalala kunwari sa kanila. Papalitan niya ang mga sinabi niya, kukunin niya ang paghanga at papuri na para sa ibang tao, ibibintang ang mga mali sa iba.

Hindi siya umaako ng pagkakamali, ayaw niyang harapin ang mga kamaliang nangyari dahil sa maling ginawa niya. Kapag sumuway siya, gagawa siya ng dahilan. Isinisisi niya ang mga problema sa situwasyon, kapaligiran, at ibang tao, pati na rin sa Diyos.

Dahil sa pandaraya at panloloko, hindi aaminin ng tao ang pagkakamali nila. Kung mapapahiya sila, magbabago sila ng salita para pansamantalang takasan ang responsibilidad. Magbubulagbulagan at magbibingibingihan sila kapag may ibang taong inakusahan o sinisi sa kasalanang ginawa nila.

Kaya huwag nating unahin ang sariling pakinabang. Huwag tayong magplano ng masama at magpahirap sa ibang tao para makuha ang sariling kagustuhan. Bukod dito, gawin natin kung ano ang dapat gawin para pagtiwalaan tayo ng iba at sabihing tapat at matuwid tayo.

## Nangangalunyang Pag-iisip

Mabilis kumalat ang nangangalunyang pag-iisip. Dapat lagi tayong nakahanda. Malinaw ang sinabi ng Biblia na iwaksi natin hindi lang ang mapangalunyang ugali kundi pati ang isipang may pagnanasa (Mateo 5:28).

Kadalasan, bilang isang lalaki, mas gusto ninyong kausapin ang mga babae sa halip na mga lalaki. Ganito rin ang mga babae. Masaya ang mga lalaki kapag pinupuri sila ng ibang babae bukod sa asawa nila. Gusto ninyong mas maging kaakit-akit sa ibang mga babae. Nag-iiba ang mga sinasabi at ikinikilos ninyo kapag may kaharap kayong ibang babae. Isipin ninyo kung bakit ginagawa ninyo ito.

Para maiwaksi ang pangangalunya ng isipan, iwaksi ang pagnanasa ng mga mata, pigilan ang mga saloobin at isipang mapangalunya. Manalangin ng maalab. Huwag huminto sa kalagitnaan, inaakala na naiwaksi na ninyong lahat. Pagsikapan ninyong bunutin ang ugat ng mga kasalanang ito, iwasan ninyo ang pagnanasa. Mahalagang tanggalin ang pagnanasa ng mga mata hanggang sa mabunot na ang ugat nito.

Ipagpalagay nating nakatingin kayo sa mundo. Hindi kayo nangangalunya, pero nag-iisip kayo ng mga bagay na makalaman. Hindi na ninyo maalis ang mga ito sa isipan ninyo. Sinasabi ng Efeso 5:3, “Ngunit ang pakikiapid, ang lahat ng karumihan, o kasakiman, ay huwag sanang mabanggit sa inyo, gaya ng nararapat sa mga banal.” Kaya dapat, mga banal na bagay lang ang ipasok natin sa ating mga mata, tainga, at bibig. Magmadali tayo sa pagwawaksi ng mga ugaling makalaman, igayak natin ang walang bahid na mga babaing ikakasal sa Panginoon.

## Makasarili

Kung makasarili kayo at palaging naghahanap ng sariling pakinabang, pabagubago ang isipan ninyo, nagiging tuso kayo. Nagsisinungaling kayo o nag-iisip ng mga pakana kung saan kayo ang makikinabang. Kapag hindi nasunod ang gusto ninyo, magagalit kayo sa iba, o lalayuan ninyo sila. Malulungkot kayo kung sa akala ninyo hindi kayo tinatrato ng mabuti. Para makinabang kayo, handa kayong magtaksil sa kumpanyang pinagtatrabahuhan ninyo, magtatayo kayo ng maliliit na grupo. Alam ninyo na dapat ninyong gawin ang mga tungkulin ninyo pero mas ginagawa ninyo ang mga bagay na pakikinabangan ninyo.

Mababasa sa 1 Mga Taga-Corinto 10:24, “Huwag hanapin ng sinuman ang kanyang sariling kapakanan kundi ang kapakanan ng iba.” Sinasabi ng Mga Taga-Roma 14:7-8, “Walang sinuman sa atin ang nabubuhay sa kanyang sarili, at walang sinumang namamatay sa kanyang sarili. Kung nabubuhay tayo, sa Panginoon tayo’y nabubuhay; o kung namamatay tayo, sa Panginoon tayo’y namamatay. Kaya’t mabuhay man tayo o mamatay, tayo’y sa Panginoon.” Kapag puspos tayo ng pagpapala, sinasabi ninyong ibibigay ninyo ang buhay ninyo para sa Panginoon. Pero kung hindi ninyo tatanggalin ang pagiging makasarili ninyo, na sarili lang ang minamahal, magbabago pa rin kayo, magtataksil pa rin kayo sa Panginoon.

Kaya, iwaksi natin ang pagiging makasarili, ibigay natin ang tunay na pagmamahal sa Diyos at sa Panginoon. Kalimutan natin ang ating ‘sarili’, ang pamilya, mga ari-arian, dangal, puri, pagkiling, katigasan ng ulo, at iba pa.

Tanggalin natin sa buhay natin ang mga bagay na pinapahalagahan natin sa araw-araw na buhay. Kapag nagawa natin ito, mababawi na natin ang nawalang wangis ng Diyos, magiging mga tunay na anak Niya tayo na nakakaintindi ng kalooban Niya. Ibinigay ng Diyos ang bugtong na Anak Niya at ang buhay Niya para sa mga makasalanan. Kapag natanto natin ang lalim ng pag-ibig ng Diyos, mabuhay para sa Panginoon at mga kaluluwa, makamit ang mas malalim na pananampalataya at pagmamahal sa Diyos, mauunawaan natin ng mas malalim ang kalooban Niya, maipapakita natin ang kapangyarihan Niya.

# "Gumaling Ako Mula sa Parkinson's Syndrome!"

Kapatid Manbae Park, 66 taong gulang,
Parokya 19, Manmin Central Church

Tuwing araw ng Linggo, palagi akong pumupunta sa karerahan o nakikipagkita sa mga kaibigan ko. Ang asawa ko at ang anak ko naman ay nagsisimba. Para sa akin, kalokohan ang pagsisimba bawat Linggo, Inusig ko sila, pinagdamutan, at ni hindi ko sila kinausap buong araw. Nakaraan na iyon.

Noong taong 2010, nagsimulang manginig ang mga kamay ko, sinabi sa akin na mayroon akong Parkinson's syndrome. Nagsimulang manigas ang katawan ko, palala nang palala ang mga sintomas. Tumigas din ang mga bahagi ng mukha ko, nahirapan akong maglakad dahil parang hinihila ko ang kaliwang binti ko. Ni hindi na ako makapaglagay ng kurbata nang walang tulong. Nanghina ang katawan at pag-iisip ko. Natakot ako, gusto ko ng mamatay.

Noong Disyembre 2014, nagsimulang dumalo ang asawa at anak kong babae sa Manmin Central Church. Masayang-masaya sila, maaliwalas ang mukha nila. Nagkaroon ako ng kagustuhang makita ang iglesya. Noong Mayo 2016, niyaya nila ako, kaya sumama ako sa Manmin Central Church.

Nang pumunta ako sa iglesya at nakipagkamay sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa unang pagkakataon, parang sinabi niya sa akin, "Batid ko ang lahat ng bagay." Naantig ang damdamin ko, inisip kong totoong mabuti ang iglesyang ito, hindi sila nagsisinungaling. Sa sumunod na Linggo, nagrehistro ako. Dahil naririnig ko ang mga patotoo ng mga napagaling mula sa mga karamdaman nila dahil sa tulong ng Punong Pastor, hinangad ko rin na gumaling.

Sinimulan kong daluhan ang Banal na Pagpapagaling sa Manmin Prayer Center. Nang idalangin ako ng Presidente ng center na si Presidente Boknim Lee gamit ang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12), parang nakuryente ako, tinanggap ko ang apoy ng Banal na Espiritu. Ninais kong maghandog ng panalangin at papuri. Nakakamanghang karanasan ito para sa akin kaya dinaluhan ko rin ang Pagpupulong na may Banal na Pagpapagaling sa umaga at Pulong Panalanging Daniel sa gabi, hindi ako lumiban kahit isang beses. Hindi ko pa naranasan dati ang kagalakang tulad nito sa mundo.



Pasaya ako ng pasaya habang lumilipas ang panahon at nagsimulang lumambot at marelaks ang katawan ko. Huminto na rin ang panginginig ng katawan ko. Naigagalaw ko na rin ang mga masel ng mukha ko, nakakapaglakad na rin ako nang maayos. Gumagalaw na rin ang mga braso at kamay ko. Nakapagsusuot na rin ako ng kurbata at nakapag-aahit nang walang tulong.

Noong Agosto 2017, sumama ako sa Retreat sa Tag-init ng Manmin, gumaling ako, kaunting panginginig na lang ang natira sa mga binti ko. Napakagaan ng pakiramdam ko! Nakatakbo at nakatalon ako. Hallelujah! Nagpapasalamat ako dahil nakita ko sa personal ang minamahal kong Punong Pastor, at sa paggaling ko mula sa 8 taong pagkakasakit ng Parkinson's disease. Pinakamasaya ang buhay ko ngayon bilang isang tupa ng kawan ng Manmin kasama ang pamilya ko. Lahat ng pagpapasalamat at pagluluwalhati ay para sa Diyos.

# "Gumaling ang Kanser sa Atay Ko!"

Kapatid Boksun Choi, 62 taong gulang,
Tokyo Manmin Church, Japan



Noong taong 2010, pagkatapos ng pag-aaral ko ng Theology, nagsimula ako ng isang iglesya sa Okinawa, Japan. Samantala, nakapakinig ako ng mga sermon ni Dr. Jaerock Lee sa internet. Nakakuha ako ng malaking pagpapala sa mga mensahe, hinaplos nito ang puso ko. Isang araw, habang nananalangin ako sa bahay, nagkaroon ako ng pangitain. May liwanag na nagningning, pagkatapos lumabas si Dr. Lee. Sinabi niya sa akin, "Dagdagan mo pa ang pananalangin at pagtitiyaga mo."

Binigyan ako ng katiyakan ng espirituwal na karanasang ito. Tumawag ako sa Tokyo Manmin Church, bumili ako ng mga libro ni Dr. Lee. Habang binabasa ko ang mga ito, nakakuha ako ng mga biyaya, binigyan ko ng kopya ang mga miyembro ng iglesya. Dahil sa mahalagang mensaheng nabasa ko, natanto ko na isang malaking kasalanan ang maling pag-intindi at paghusga sa isang iglesya na nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos.

Noong Agosto 2011, pumunta ako sa South Korea, nagsisi ako at humingi ng kapatawaran sa Diyos sa harap ni Dr. Lee. Idinalangin niya ako. Pag-uwi ko, ipinagpatuloy ko ang pakikinig ng mga mensahe niya, dumalo din ako sa pulong panalanging Daniel sa bahay sa pamamagitan ng internet, kasama ko ang mga miyembro ng iglesya. Dumalo ang asawa ko at ang mga miyembro ng iglesya ng Retreat sa Tag-init ng Manmin. Nakapaglakad ang isang miyembrong hindi makapaglakad dahil sa diabetes.

Isang hapon, noong Disyembre 2014, sumuka ako ng dugo. Tumagal ang pagsusuka ko hanggang ika-5:30 ng umaga kinabukasan, mahinang-mahina na ako. Nagpapasalamat ako dahil nagpakita ang Punong Pastor sa panaginip ko, idinalangin niya ako. Pagkatapos, huminto ang pagdurugo ko at nagbalik ang lakas ng katawan ko.

Noong Enero 2015, hindi ko magawang tumayo dahil nahilo ako. Dinala ako sa isang ospital ng isang ambulansya. Nasuring mayroon akong hepatocirrhosis (kanser sa atay). Namaga ang katawan ko dahil hindi ako maka-ihi, may tubig sa baga ko, at may matinding pamamaga pa ang atay ko. Nagdulot ito sa akin ng malaking kalungkutan.

Nahihiya akong magkasakit, pastor pa naman ako. Palagi akong naluluha at hindi ako sigurado sa buhay ko. Hindi ko na kayang magministeryo sa iglesya ko. Sinabi ko ang situwasyon sa mga miyembro ko, nagsara ang iglesya noong Mayo 2016. Lumipat ako sa bahay ng anak kong babae sa Tokyo. Pagkatapos, lumala ang sakit ko. Noong Enero 2017, nalaman ko na may kanser ako sa atay.

Noong Marso 2017, nagsimula akong dumalo sa Tokyo Manmin Church. Dinaluhan ko ang pagsamba ng pinakamalaking iglesya sa GCN. Idinalangin ako ni Pastor Byeongran Choi gamit ang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Dahil naging mapayapa ang pisikal at mental na kalagayan ko, bumuti ang kalagayan ko. Dahil nakinig ako ng menasahe bilang ordinaryong miyembro at hindi bilang isang pastor, marami akong nakitang mga bagay na dapat pagsisihan. Nagsisi ako, nagpasalamat sa pag-ibig ng Diyos na nagdala sa akin sa iglesyang ito sa pamamagitan ng salita ng buhay.

Nang magsimula ang Mayo 2017, naghandog ako ng tatlong araw na pag-aayuno at pananalangin, umasa ako na mapagaling mula sa karamdaman ko. Tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor para sa mga maysakit sa GCN, nanampalataya ako habang nagaganap ang pagsamba. Bago matapos ang Mayo, nagpasuri akong muli sa ospital, may nakita akong himala. Wala na ang kanser! Hallelujah!

Nang marinig ko ang mabuting balitang ito, napasigaw ako ng, "Hallelujah!" Masayang-masaya ako, niluwalhati ko ang Diyos. Lahat ng pagpapasalamatay para sa Diyos na nagpagaling sa akin. Taos-puso din akong nagpapasalamat sa Punong Pastor na tumulong a akin na magsulong ng bagong buhay sa pamamagitan ng mga mensahe niya.



Si Sister Boksun Choi, kasama ang asawa niyang si Elder Youngkwon Kim, ang anak nilang babae, at kanilang apo

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714